# Paano Tinutukoy ang mga Kulay sa Dashboard

Iniuulat ng California School Dashboard ang performance ng mga distrito at paaralan kaugnay ng maraming pagsukat ng estado at sa lokal na bumubuo ng accountability system ng California. Ginagamit ang mga resulta para alamin ang mga kalakasan at kahinaan at makatulong na matiyak na natutugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.

## Paano ipinapakita ng Dashboard ang performance?


Ang performance ay nakabatay sa dalawang salik:

| **Kasalukuyang data sa pagsukat** | **Pagsulong o kawalan ng pagsulong mula sa mga resulta ng nakaraang taon** |
|---|---|

Ginagawa ang mga pagkalkulang ito para sa bawat pagsukat ng estado at nagtatagpo sa isang 5x5 na grid. Mag-iiba-iba ang layout ng grid para sa bawat pagsukat.

Sa 5x5 na grid, ipinapakita ang mga antas ng data ng kasalukuyang taon sa kaliwang column, habang ipinapakita naman sa itaas na hanay ang pagkakaiba sa pagitan ng mga antas ng data ng kasalukuyang taon at ng nakaraang taon.

Ang antas ng performance, o kulay, ay tinutukoy ng punto kung saan nagtatagpo ang dalawang antas na ito.




| Antas | Lubhang Bumaba | Bumaba | Napana-tili | Tumaas | Lubhang Tumaas |
|---|---|---|---|---|---|
| Napa-kataas | Berde | Berde | Asul | Asul | Asul |
| Mataas | Berde | Berde | Berde | Berde | Asul |
| Katam-taman | Dilaw | Dilaw | Dilaw | Berde | Berde |
| Mababa | Orange | Orange | Orange | Dilaw | Dilaw |
| Napaka-baba | Pula | Pula | Pula | Orange | Orange |

Sa halimbawang ipinakita, nasa mataas na antas ang data ng distrito sa kasalukuyang taon. Napanatili nito ang antas na ito, na nangangahulugang walang malaking pagtaas o pagbaba sa mga resulta mula sa nakaraang taon.  Nagtagpo ang “Mataas” at “Napanatili” para sa pangkalahatang antas ng performance na berde.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa web page ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Mayo 2020